**American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)**
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-12, pp-72-83
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# "Antas ng Kasanayan at Pananaw ng mga Guro Sa Paggamit ng ICT sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino"

Angelyn C. Enriquez[1], Donna Jaen M. Lasaca[2], Jamilah H. Sabain[3], Leonel D. Francisco[4], Monique Aiza H. Tiking[5]

[1]*Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines*
[2]*Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines*
[3]*Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines*
[4]*Integrated Laboratory School, Western Mindanao State University, Philippines*
[5]*Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines*

***ABSTRACT :*** *The rise of modern technology, particularly the ICT has brought significant changes to the field of education. ICT plays huge role in the lives of the teachers especially in teaching, as it helps teachers in enhancing and facilitating in the teaching process. The researchers conducted a study that aimed to examine the level of ICT skills and perception of the teachers in using ICT in teaching Filipino subject and utilized descriptive-correlational design in the study. The participants of this study are not less than thirty (30) teachers who are teaching Filipino subject in public schools. This study utilized survey questionnaires in collecting the data and was analyzed using statistical tools such as Frequency Distribution, Weighted Mean, Spearman Rho Rank Test, at Mann Whitney U test. After the data were collected and analyzed, it was found out that teachers have positive perceptions and high level of skills in using ICT in teaching Filipino subject. The researchers recommend teachers to continuously improve their ICT skills in teaching.*

***ABSTRAK :*** Ang pag-usbong ng makabagong teknolohiya, partikular na ang ICT ay nagdulot ng malaking pagbabago sa larangan ng edukasyon. Malaki ang papel ng ICT sa buhay ng mga guro lalo na sa pagtuturo, dahil nakatutulong ito sa pagpapabuti at pagpapadali ng kanilang pagtuturo. Kaya naman ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng pag-aaral na may layuning suriin ang antas ng kasanayan at pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at ginamit ang deskriptibo-korelasyonal na pamamaraan. Ang pag-aaral na ito ay nilahukan ng hindi baba sa tatlumpung (30) na mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralan. Ginamit ang talatanungan sa pangangalap ng datos at sinuri gamit ang estadistikal na pagsusuri gaya ng *Frequency Distribution, Weighted Mean, Spearman Rho Rank Test, at Mann Whitney U test.* Matapos ang paglikom at pagsuri ng datos, lumabas na ang mga guro ay may positibong pananaw at mataas na antas ng kasanayan sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Iminumungkahi ng mananaliksik na magpatuloy sa paglinang ng kasanayan sa paggamit ng ICT sa pagtuturo.

***Mga Susing Salita –*** *Filipino, ICT, Level, Skills, Perception*

## I. INTRODUKSYON

Sa larangan ng edukasyon, naging malaki ang papel ng teknolohiya sa pagpapabuti ng paraan ng pagtuturo at pagkatuto. Ang paggamit ng teknolohiya ay hindi lamang upang mapadali ang pagtuturo ng mga guro ngunit higit ding nakakatulong sa mas malalim na proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral (Castillio et al., 2025). Sa pag-usbong ng teknolohiya, isa sa mga mahalagang inobasyon ay ang *Information and Communication Technology* o *ICT*, ito ay tumutukoy sa iba't ibang uri ng teknolohiyang ginagamit sa komunikasyon at magpalaganap ng impormasyon. Malaki ang papel na ginagampanan ng ICT sa larangan ng edukasyon partikular na sa pagtuturo dahil nagagamit ito ng mga guro upang mapabuti ang kanilang pagtuturo.

Isa sa mga itinuturo ng mga guro ay ang asignaturang Filipino. Ang asignaturang Filipino ay isa sa mga asignaturang bahagi ng kurikulum sa Pilipinas na itinuturo sa mga paaralaran mula elementarya hanggang sa kolehiyo upang mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wika, panitikan, at komunikasyon. Nakatutulong ang paggamit ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino upang mapadali ang pagtuturo ng mga guro. Ilan sa mga kagamitang panturo na ginagamit ng mga guro ay ang *Microsoft Powerpoint* at *Kahoot* na naging lubos na epektibo sa pagtuturo ng panitikang Filipino (Del-O at Bugtong, 2023). Bukod dito, sa artikulo naman ni Gonzalez [2], binanggit ni Jimmy B.Fong, komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Kailangan maging malikhain ang mga guro sa pagtuturo ng Filipino ngayon. Sa pamamagitan ng paggamit ng ICT sa pagtuturo, nagiging buhay at kawili-wili ang pagkatuto ng mga mag-aral.

Dagdag pa rito, ang integrasyon ng ICT sa edukasyon ay may direktang epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral at maaaring maging batayan sa pagpapaunlad ng mga sistemang pang-edukasyon sa iba't ibang bansa (De Witte at François, 2023, p.7). Ayon pa kina Ghavifekr, S. & Rosdy, W.A.W. (2015), karamihan sa mga guro ay mulat sa kabutihan at kapakinabangan ng ICT sa pagtuturo. Napagtanto ng maraming guro na ang paggamit ng ICT ay nakatutulong sa pagpapabuti at pagpapaunlad ng kanilang pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng mas makabago at epektibong mga materyales. Ayon naman sa pag-aaral ni Juancho (2021), ang mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino ay lubos na tinanggap ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya bilang kanilang kagamitang panturo. Nabanggit din niya na ang paggamit ng makabagong teknolohiya ay ang pagtugon sa global na pangangailangan. Bukod sa mga guro, marami na ring mga pag-aaral ang nagpatunay na ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay may malaking epekto sa resulta ng pagtuturo lalo na sa paghubog ng kasanayang pasulat ng mga mag-aaral (Saavedra, 2018).

Bagama't ang pag-aaral na ito ay nagawa na ng mga mananaliksik na sina Mayag-as et al., (2023), kaya lang hindi bahagi ng kanilang pag-aaral na tukuyin kung ano ang antas ng kasanayan at pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay magkaiba batay sa kasarian ng mga guro at taon sa serbisyo. Bukod pa rito, layunin ng mga mananaliksik na alamin ang antas ng kasanayan at pananaw ng mga guro pagdating sa paggamit ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang magiging resulta ng pananaliksik na ito ay makatutulong sa tagapamahala ng edukasyon, na magpatupad ng malawakang propesyonal na pagsasanay sa paggamit ng ICT para sa mga guro, upang mas maging bihasa at lumawak ang kanilang kasanayan at pananaw sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

## II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang antas ng kasanayan at pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang pag- aaral din na ito ay may layuning masagutan ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?
2. Ano ang pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo?
3. May makabuluhang ugnayan ba sa pagitan ng antas ng kasanayan at pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?
4. May makabuluhang ugnayan ba sa antas ng kasanayan at pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino batay sa Taon ng serbisyo?
5. May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng kasanayan at pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino batay sa Kasarian

## III. KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

### 3.1 Asignaturang Filipino

Sa Pilipinas, malaki ang kahalagahan ng Filipino, hindi lamang dahil ito ay ang wikang pambansa ng Pilipinas, kundi dahil ito rin ang nagsisilbing tulay sa pagkakaunawaan at pagkakaisa ng mga mamamayan kaya naman, bahagi na ng kurikulum sa Pilipinas ang pagtuturo ng Filipino mula elementarya hanggang kolehiyo.

Ang Filipino ay isa sa mga mahalagang asignaturang itinuturo sa Pilipinas. Dito ay hinahasa ang kakayahan ng mag-aaral sa pagsusulat, pagbabasa, at pakikipagtalastasan. Kaugnay din nito ang pagtuturo ng pagpapahalaga sa kultura, tradisyon at identidad ng ating bansa. Ayon sa pag-aaral ni Millamena (2023), ang asignaturang Filipino ay mahalaga para sa mga guro at mag-aaral dahil binibigyang diin nito ang pagpapanatili ng kultura, pagtataguyod ng pagkakakilanlan ng bansa, at sumisimbolo ng kalayaan.

Bukod dito, ang pagiging bihasa sa Filipino ay nakatutulong upang lubusang maunawan ng mga mag-aaral ang iba pang wika gaya ng wikang Ingles (Dela Cruz, 2023). Dagdag pa rito, mas mainam gamitin ang Filipino sa pagtuturo sa loob ng klase, dahil ito ang wikang mas nauuwaan ng mga mag-aaral kung kaya't nakatutulong ito sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral (Ablao et al., 2024).

### 3.2 Ang Papel ng ICT sa Edukasyon

Sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya sa kasalukayang panahon, patuloy rin ang mga pagbabagong nagaganap sa iba't ibang larangan lalo na sa larangan ng edukasyon. Marami na ang mga guro at mag-aaral ang gumagamit ng ICT upang mapadali at mapabilis ang pagtuturo at pagkatuto. Ang pag-usbong ng ICT ay may kalakip na epekto sa larangan ng edukasyon, kasabay ng pagsibol ng iba't ibang makabagong *digital* na pamamaraan ng pagtuturo, hindi maikakaila na epektibo ang paggamit ng ICT sa pagtuturo. Ang iba't ibang gamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo ay nagpapabago sa pananaw at pagkatuto ng mga mag-aaral at ang integrasyon ng elektronikong kagamitan ay nagpapahusay sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral (Varona at Mandado, 2022).

Sa kabilang banda, nabanggit sa pag-aaral nina Del-O at Bugtong (2023), na naging hamon ang kakulangan at kasanayan sa paggamit ng makabagong teknolohiya na nakaaapekto sa pagtuturo ng panitikan. Kaya naman, nangangailangan ng pagsasanay, sapat na kagamitan at internet ang mga guro upang magamit nila ng husto ang

mga makabagong teknolohiya. Sa pag-aaral na ito ay ipinakita na may hamon din sa paggamit ng ICT sa pagtuturo at ang kagamitan at lugar ng paaralan ay mga salik na kailangan din isaalang- alang. Maging sa pagsasagawa ng pananaliksik, nabanggit sa pag-aaral nina Saavedra, Alejandro at Espinosa (2022), na ang mga mag-aaral ay may kasanayan sa paggamit ng ICT ay hindi masyadong nahirapan sa paggawa ng kanilang pananaliksik. May mga features sa kanilang mga computer na kanilang nagamit sa pagsusuri ng mga datos gaya ng *Word Excel*.

### 3.3 Paggamit ng ICT sa Pagtuturo

Ang paggamit ng ICT sa pagtuturo ay laganap na sa Pilipinas sa mga panahong ito. Gamit ang ICT sa pagtuturo ay mas napapadali nito ang paghahanda at pagtuturo ng mga guro.

Ayon sa pag-aaral nina Racho at Baynosa (2024) ang paggamit ng *Information and Communication Technology o ICT digital tools* sa pagtuturo ng Filipino ay hindi na maikakaila sa karamihan ng mga guro. Dagdag pa dito, epektibo ang paggamit ng ICT sa pagtuturo, dahil ayon sa pagsusuri nina Varona at Mandado (2022) ang iba't ibang gamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo ay nagpapabago sa pananaw at pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa isinagawang pag-aaral ay natuklasan na naging mahusay ang mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsulat pagkatapos magkaroon ng integrasyon ng elektronikong kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto. Ibig sabihin nito ay naging mabisa ang paggamit ng teknolohiya bilang kagamitang panturo ng mga guro sa mga mag-aaral. Dito ay naging positibo ang epekto ng paggamit ng ICT sa pagtuturo, dahiln napukaw nito ang interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Sa kabilang banda, nabanggit sa pag-aaral nina Del-O at Bugtong (2023) na naging hamon ang kakulangan at kasanayan sa paggamit ng makabagong teknolohiya na nakaaapekto sa pagtuturo ng panitikan.

Kaya naman, nangangailangan ng pagsasanay, sapat na kagamitan at internet ang mga guro upang magamit nila ng husto ang mga makabagong teknolohiya. Sa pag-aaral na ito ay ipinakita na may hamon din sa paggamit ng ICT sa pagtuturo at ang kagamitan at lugar ng paaralan ay mga salik na kailangan ding isaalang-alang. Maaaring sa ibang paaralan ay malaki ang impluwensiya ng ICT, ngunit mayroon pa ding mga lugar sa Pilipinas kung saan, hindi pa napapalaganap ang mga makabagong teknolohiya sa kanila. Ang mga guro dito ay nahihirapan na mag-adjust sa modernisasyon na nagaganap, gayundin ang mga mag-aaral na nagresulta ng pagkawala ng kanilang interes sa klase. Dahil dito ay nawawalan ng saysay ang paghahanda ng mga makabagong teknolohiya ng mga guro, sapagkat hindi natututo ang mga mag-aaral, dahil sa kakulangan ng alam sa mga digital tool. Napatunayan din sa pag-aaral ni Saavedra (2020) na ang paggamit ng computer- assisted teaching strategies ay epektibo maging sa paglinang ng kasanayang pasalita at pasulat ng mga mag-aaral.

### 3.4 Antas ng Kasanayan ng mga Guro sa Paggamit ng ICT

Ang antas ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng ICT ay tumutukoy sa lawak ng kanilang kaalaman sa paggamit ng ICT sa pagtuturo. Ito ay sinusukat batay sa kanilang kaalaman sa paggamit ng mga *digital tools, software at online platforms* na maaaring gamitin upang mas mapahusay ang proseso ng kanilang pagtuturo.

Batay sa pananaliksik ni Juancho (2021) ay tinalakay niya ang pagyakap ng mga guro sa makabagong sistema ng edukasyon, kung saan lumaganap ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo. Ito din ay nagpatunay na may kaalaman ang mga guro sa paggamit nito upang mapadali at mapagaan ang proseso ng kanilang pagtuturo at upang umayon din sa kagustuhan ng mga kabataan sa makabagong henerasyon ang daloy ng kanilang pagtuturo. Ngunit, sa kabila ng produktibong pakikisabay ng mga guro sa global na pangangailangan ay ang kakulangan sa malawakang pagsasanay ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya. Kahit may kaalaman na ang mga guro sa paggamit ng ICT ay mahalaga pa rin na malaman nila ang wastong paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Kinakailangang malinang ang kasanayan ng mga guro at mas higit na mapaunlad ang kanilang paggamit ng mga teknolohikal na kasangkapan.

Sa pag-aaral naman nina Manatad et al., (2024) ang pagtalakay nila sa danas ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya, kung saan lumabas sa kanilang pag-aaral na ang danas ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya ay nakakatulong upang mas mapadali ang pagtuturo at paggawa ng mga proyekto, ngunit sa kabila nito ay nagkaroon pa din ng iba't ibang hamon sa likod nito. Nagdulot ng pagkabahala ang paggamit ng teknolohiya dahil nawalan ng limitasyon at naabuso ang paggamit dito. Kaya naman, ang negatibong danas ng mga guro ay nagdulot sa kanila ng kawalan ng lakas ng loob na gamitin ang teknolohiya at naging dahilan ito ng kakulangan ng kanilang kaalaman sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo. Samakatuwid, mas naipakita sa pagsusuri ang hindi kalawakang kaalaman ng mga guro at kawalan ng disiplina naman ng mga mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya na kung saan ay nagresulta ng negatibong danas nila sa paggamit ng makabagong teknolohiya. Sa isinagawang pag-aaral nina Saavedra, Banua, Ajibon, Aukasa, Muhajil at Najam (2022), isa sa mga kasanayang tinaya sa mga guro ay ang kasanayang ICT. Natuklasang ang mga gurong mas matagal na sa serbisyo lalo na ang mga nasa 20 taon nang nagseserbisyo ay nagpakita ng kahinaan sa paggamit ng ICT. Kaya naman, isa ito sa batayan na isinasagawang *mentor*ing *program* ng mga paaralan.

Gayunpaman, sa pag-aaral na ito ay natuklasan ng mga mananaliksik na kahit mayroong mga negatibong dulot ang paggamit ng teknolohiya ay kanila ding napatunayan na mayroon ding sapat na kaalaman ang mga guro sa paggamit ng makabagong teknolohiya tulad ng paggamit ng animated videos sa pagtuturo ng panitikan.

**3.5 Pananaw ng mga Guro sa Paggamit ng ICT**

Ang pananaw ay tumutukoy sa paraan ng pagtingin, pag-unawa, o paghusga ng isang guro sa isang bagay, sitwasyon, o isyu. Ito rin ay maaaring magpahiwatig ng personal sa opinyon o perspektibo na base sa karanasan, kaalaman, o mga pinaniniwaalan ng mga guro.

Batay sa resulta ng pag-aaral nina Akram et al., (2022) napag-alaman nila na nakaugalian na ng mga guro na sa pagtuturo ang teknolohikal na aplikasyon na tumutugma sa kanilang mga estratehiya sa pagtuturo at sa kanilang mga umiiral na paniniwala tungkol sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang kanilang pag-aaral ay nagbibigay ng masusing pananaw upang maunawaan ang persepsyon ng mga guro hinggil sa mga benepisyo, ang kanilang pagkukusang loob, pag-uugali, at mga hamon na kanilang kinakaharap sa paggamit ng ICT sa pagtuturo.

Ang pagsasama ng ICT sa pagtuturo ay hindi lamang nakatuon sa mga positibong bahagi ng paggamit nito, kundi mayroon din itong kalakip na mga hamon. May mga pag- aaral ang nagsasabi na mayroong mga guro ang nahaharap sa mga hamon sa paggamit ng ICT. Dito makikita na ang paggamit ng ICT ay hindi lamang nagdudulot ng positibong epekto kundi mayroon ding kalakip na hamon.

**3.6 Mga Salik na Nakakaapekto sa Paggamit ng ICT sa mga Guro**

Sa paggamit ng ICT, mayroon din iba't ibang salik na nakaapekto sa paggamit ng mga guro ng nito, ang unang (1) salik na nakaaapekto ng kanilang paggamit ng ICT ay ang kakulangan sa mga kagamitan sa pagtuturo, pangalawa (2) ang kakulangan ng oras sa pagkatuto sa paggamit ng mga teknolohiya sa pagtuturo, pangatlo (3) ang kawalan ng interes ng guro na matuto sa paggamit ng mga teknolohiya sa pagtuturo, panghuli at pang-apat (4) ang kaangkupan ng paggamit ng mga teknolohiya sa pagtuturo. (Mayag-as, Tomas, Hidalgo, Ngawa at Fernandez, 2023) Ang mga hamon na ito ay maaring magpaliwanag kung bakit ang ilang sa mga teknolohiya, kagaya ng application software ay hindi gaano ginagamit ng mga guro.

Sa pag-aaral nina Montecino et al., (2025) ay napatunayan ng kanilang datos na kahit mayroon ng kaalaman ang mga guro sa paggamit ng ICT ay nangangailangan pa din sila ng propesyonal na pagsasanay, kung saan binibigyang diin ang pagpili, pag-aangkop at pagpapatupad ng mga mapagkukunang multimedia upang matugunan ang mga hamon ng pangangailangan ng mga guro.

Ipinaliwanag naman sa pag-aaral nina Melebo et al., (2019) na nakakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang kakulangan sa kagamitang panturo at isa na nga ang mga digital tools dito. Sa integrasyon ng mga digital materials ay lumalabas na hindi nakaka- enganyo ang pagtuturo kung hindi sapat ang mga kagamitan na maaaring magdulot ng pagkawala ng atensyon at interes ng mga mag-aaral sa klase. Bagaman malawak na ang kaalaman ng mga guro sa paggamit ng ICT, hindi ito nangangahulugang matatas na sila sa paggamit nito sa pagtuturo. Ayon sa datos, mahalaga ang sapat na panahon ng pagsasanay sa mga guro, dahil ang pagkatuto ng paggamit ng ICT ay hindi lamang sa isang pagkakataon, sapagkat maraming dapat isaalang-alang na kung hindi matugunan ay maaaring maging hadlang ito sa pag-unlad ng kaalaman ng mga guro sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa pagtuturo.

## IV. BATAYANG TEORETIKAL

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa *TPACK framework* nina Punya Mishra at Matthew Koehler (2006) at teoryang *Connectivism* nina George Siemens at Stephen Downes.

Ang TPACK framework nina Mishra at Koehler (2006), na nakatuon sa *technological knowledge* (TK), *pedagogical knowledge* (PK), at *content knowledge* (CK), ay nag-aalok ng isang mabisang paraan upang matugunan ang iba't ibang hamon na kinakaharap ng mga guro sa pagpapatupad ng teknolohiyang pang-edukasyon (edtech) sa kanilang silid-aralan. Sa pamamagitan ng malinaw na pagkakaiba sa tatlong uri ng kaalamang ito, inilarawan ng TPACK framework kung paano dapat pagsamahin ang nilalaman (kung ano ang ituturo) at pedagohiya (kung paano ituturo ang nilalaman) bilang pundasyon sa paggamit ng teknolohiyang pang- edukasyon *(edtech)*. Mahalaga ang pagkakasunod-sunod nito dahil ang teknolohiya na ginagamit ay kinakailangang epektibong maipahayag ang nilalaman at masuportahan ang pedagohiya upang mapaganda ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Dagdag pa rito, ang TPACK ay ang batayan ng epektibong pagtuturo gamit ang teknolohiya, na nangangailangan ng pag-unawa sa kung paano ipapakita ang konsepto sa pamamagitan nito upang maituro ang nilalaman, at kaalaman kung paano magagamit ang teknolohiya sa pagpapatibay nang naunang kaalaman.

Ang pag-aaral sa antas ng kasanayan at pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT ay mahalaga upang maunawaan at higit pang mapalawak ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino at iba pang asignatura. Ayon kay Morrain (2024) karamihan sa mga guro at administrator ay kinikilala ang mga

benepisyong maaaring hatid ng teknolohiya sa silid- aralan, maging sa paghahanda ng mga mag-aaral para sa isang mundo na unti-unting kinikilala ang kahalagahan ng teknolohiya o tulungang mapadali ang mga kurso, paaralan at ang pamamahala sa distrito. Dahil dito, naging mahalaga ang TPACK sa edukasyon. Sa kasalukuyan ay hindi na sapat ang mga tradisyonal na kagamitang panturo. Maaaring hindi na ito ganoon kaagaw pansin sa mga mag-aaral dahil sa digital aged na panahon natin ngayon. Ngunit sa pamamagitan ng TPACK ay naipapakita nito ang ugnayan ng teknolohiya, nilalaman, pedagohiya at ang maayos na pagsasama sa tatlo ay ang susi sa mas epektibong pagtuturo.

Sa madaling salita, ang balanseng paggamit ng TPACK ay magpapaunlad sa kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng mga aralin upang ito ay makakapukaw ng interes ng mga mag-aaral.

Ginamit din sa pag-aaral ang teoryang *Connectivism* nina George Siemens (2004) at Stephen Downes (2005), isang makabago at maimpluwensyang teoryang sumikat sa *digital* na panahon. Ayon sa teoryang ito, ang kaalaman ng isang tao ay hindi lamang nakakahon sa isip, bagkus ito ay ipinamamahagi sa pamamagitan ng isang *network.* Ang *network* na ito ay binubuo ng malawak na hanay ng *resources*, kabilang dito ang interaksyon ng mga tao, *online platforms, social media* at mga impormasyong makukuha *online*. Ipinanukala ng teoryang *Connectivism* ang pagbabago sa pananaw ng pagkatuto mula sa tradisyunal na pamamaraan patungo sa *digital* na pamamaraan.

Bukod dito, kinikilala ng teoryang *Connectivism* ang papel ng teknolohiya bilang mahalagang *facilitator* sa modernong larangan ng pagkatuto. Ang digital tools ay mahalaga upang mapadali ang komunikasyon sa pagitan ng guro at ng mga mag- aaral, napapadali rin ang pagktutuo ng mga mag-aaral. Kaya dito na pumapasok ang kahalagahan ng kasanayan at pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo upang maging epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Mahalagang may sapat na kaalaman at kasanayan ang guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang uri ng ICT, tulad ng *PowerPoint Presentation, audio recording, animated* videos at iba pa, napadadali ang proseso ng pagkatuto ng isang tao.

## V. METODOLOHIYA

Inilalahad sa bahaging ito ang masusing deskripyon ng mga pamamaraang ginamit sa pananaliksik. Kabilang dito ang komprehensibong paliwanag sa disenyo ng pananaliksik, mga napiling kalahok, instumentong ginamit, ang pamamaraan sa pagkolekta ng datos at ang mga etikal na pamantayang isinaalang-alang sa pag-aaral.

### 5.1 Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito isang Kwantitatibong pananaliksik na gumamit ng deskriptibo- korelasyonal na pamamaraan. Ang deskriptibo-korelasyonal na disenyo ay angkop na gamitin sa pag-aaral sapagkat sinusuri at inilalarawan nito ang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasanayan at ng pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang mga datos na nakuha mula sa pananaliksik na ito ay nagbigay daan sa mga mananaliksik upang suriin ang ugnayan ng mga baryabol at bigyang kahulugan ang mga natuklasang resulta upang makabuo ng konklusyon at paliwanag.

### 5.2 Mga Kalahok

Ang mga kalahok na napili sa pag-aaral na ito ay mga guro na kasalukuyang nagtuturo sa pampublikong paaralan at kanilang ginagamit ang *ICT* sa kanilang pagtuturo. Ang tiyak na bilang ng mga kalahok ay itinakda batay sa mga kriterya ng pagpili at sa aksebilidad ng mga respondente. Inaasahan din na hindi bababa sa 30 guro ang lalahok sa pag-aaral na isinagawa upang makakuha ng sapat na datos para sa pagsusuri. Upang matiyak ang makabuluhang datos, ginamit ng mga mananaliksik ang purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok. Sa kadahilanang, sila ay sadyang pinili dahil ang pangunahing batayan ng pagpili ay ang paggamit nila ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay walang *conflict of interest* sa pagitan ng mga mananaliksik at kalahok. Kung sakali mang may mangyayaring hindi inaasahan, maaring ipagbigay alam ito sa mga mananaliksik. Sinugurado naman ng mga mananaliksik na ang partisipasyon ng mga kalahok ay may pahintulot at mananatiling kumpidensiyal ang kanilang sagot.

### 5.3 Instrumentong Ginamit

Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral ay isang *survey questionnaire* na hinango mula sa mga pag-aaral nina Mayag-as et al,. (2023) na *Kaalaman ng Guro sa Teknolohiya sa Pagtuturo* at pag-aaral nina Arado et al,. (2024) na *21st Century Teaching and Learning: Ang Pananaw ng mga PreService Teachers ng Western Mindanao State University sa Pagiging Epektibo ng Paggamit ng ICT sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Wika*. Ang mga katanungan ay sumailalim sa *pilot testing* at *realiabilty test* upang matiyak ang pagiging epektibo nito sa pangangalap ng datos.

Ginamit ng mga mananaliksik ang talatanungan na may kabuoang labin siyam (19) na aytem na nahahati sa dalawang (2) talahanayan upang suriin ang antas ng kasanayan at pananaw ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, ginamit din ang *four-point likert scale* sa talatanungan. Para sa unang (1) talahanayan,

ang isa (1) ay nangangahulugang "Napakahusay sa Paggamit", pangalawa (2) "Mahusay sa Paggamit", pangatlo (3) "Di Gaanong Mahusay sa Paggamit", at apat (4) "Walang Kaalaman sa Paggamit". Para naman sa pangalawang (2) talahanayan, ang isa (1) ay nangangahulugang "Lubos na Sumasang-ayon", dalawa (2) "Sumasang-ayon", pangatlo (3) "Hindi Sumasang-ayon", at apat (4) "Lubos na Hindi Sumasang-ayon".

### 5.4 Estadistikang Ginamit

Ang pangunahing estadistikal na pamamaraan na ginamit ay *four-point Likert Scale* upang matukoy ang katumbas na bigat para sa antas ng kasanayan at pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Upang matukoy ang minimum at maximum na haba ng uri ng *four-point Likert Scale*, ang range ay kinalkula sa pamamagitan ng (4 – 1 = 3) na pagkatapos ay hinati ang lima (4) bilang ito ang pinakamataas na bilang sa scale (4 ⁄ 3 = 0.75). Sumusunod rito, ang unang bilang, ang pinakamababang numero ay idinagdag upang matukoy ang maximum ng cell na ito. Ang haba ng cell ay matutukoy sa pamamagitan ng talahanayan sa ibaba.

Sa pagsuri ng mga datos, ginamit ng mga mananaliksik ang *Descriptive-Correlational Statistics*, partikular ang *Frequency Distribution* at *Weighted Mean* upang masagot ang mga tanong sa pag-aaral. Isinagawa ang *Normality Test* sa datos na nakalap at napag-alaman na ang akma na gamitin para sa datos ay *non-parametric test*.

**Talahanayan 1.** ***Estadistikang ginamit sa pagtukoy ng antas ng kasanayan at pananaw***

| Halaga ng bilang | *Range* | *Adjectival Interpretation* |
|---|---|---|
| 4 | 3.26-4.00 | Mababa |
| 3 | 2.50-3.25 | Katamtamang mababa |
| 2 | 1.76-2.50 | Katamtamang mataas |
| 1 | 1.00-1.75 | Mataas |

Ginamit ng mga mananaliksik ang *Spearman Rho Rank Test* na isang non-parametric na alternatibo sa *Pearson Correlation Coefficient* upang masagot at masuri ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasanayan at pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Sa pagsusuri naman sa makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng antas ng kasanayan at kasarian at sa pagitan ng antas ng pananaw at kasarian ay ginamit ng mga mananaliksik ang *non-parametric test* na *Mann Whitney U test*.

### 5.5 Paraan ng Paglikom ng Datos

Sa pagkuha ng mga impormasyon ng respondente, nakipag-ugnayan sa mga guro ang mga mananaloksik at nagpasa ang mga ng liham pahintulot sa mga pampublikong guro na nagtuturo ng Filipino upang makilahok sa pag-aaral. Ang mga mananaliksik din ay nakipag- ugnayan sa mga kalahok upang makuha ang kanilang pahintulot sa sandaling maisaayos ang nakatakdang schedule ng pangangalap ng datos. Sa pangangalap din ng mga mananaliksik ng datos ay malinaw na ipapaliwanag sa mga respondente ang layunin ng pag-aaral. Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng printed copies ng survey questionnaire sa mga respondante upang makuha ang kinakailangan na datos sa pag-aaral. Kung sakaling hindi mahahagilap ng mga mananaliksik ang mga gurong respondante, dahil sa kanilang pagiging abala sa kanilang klase, ang mga mananaliksik ay nagbigay na lamang ng google form link sa mga respondante, upang ang ginawang survey ay tiyak na hindi nakaabala sa kanilang oras. Ang mga respondante din ay binalikan ng mga mananaliksik upang ipaalam ang resulta ng pag-aaral. At tiniyak ng mga mananaliksik na ang mga datos na nakalap ay maayos na nailatha, nasuri, at napagkahulugan ng wasto.

### 5.6 Etikal na Konsiderasyon

Ang lahat ng impormasyon na nakalap mula sa mga kalahok ay ginamit lamang sa pananaliksik at tiniyak ng mga mananaliksik na nasunod ang tamang proseso ng pangangalap at pagtago ng datos alinsunod sa regulasyon ng *Data Privacy Act of 2012.* Tiniyak din ng mga mananalik na naunawaan ng mga kalahok ang layunin ng pag-aaral at hindi magdudulot ng pisikal, *emotional*, at *psychological* na pinsala ang pananaliksik sa mga kalahok, ngunit mayroon silang karapatan upang tumanggi o umatras sa pananaliksik kung hindi sila kumportable. Pinagbigay alam din sa mga kalahok na wala silang matatanggap na anumang *incentives* sa pakikilahok sa pag-aaral.

## VI. RESULTA AT DISKUSYON

Ang bahaging ito ay naglalaman ng resulta, pagsusuri, pagtatalakay at interperetasyon ng mga nakalap na datos, upang malaman at masagot ang mga suliranin sa pag-aaral na ito. Ang mga sumusunod ay ang resulta na sumasagot sa layunin ng pag-aaral:

**Talahanayan 2.** ***Antas ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino***

| Indicator | Weighted Mean | Descriptor |
|---|---|---|
| **Antas ng kasanayan** | 1.80 | Katamtamang mataas |

Makikita sa talahanayan 2 ang antas ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ipinakita sa resulta ng kabuoang mean ay 1.80 na may interpretasyon na "katamtamang mataas" batay sa siyam na tagapagpahiwatig. Ipinapahiwatig nito na taglay ng mga guro ang sapat na kasanayan sa paggamit ng ICT sa paraan ng kanilang pagtuturo, na maaaring magpabuti sa resulta ng pagkatuto ng mga mag- aaral. Mahalaga ang integrasyon ng ICT sa edukasyon upang makasabay sa makabagong panahon at upang makapaghatid ng mas epektibong paraan ng pagtuturo na magtataguyod ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Ayon sa pag-aaral nina Lloyd et al., (2006), ang propesyonal na pag-unlad ng mga guro sa paggamit ng ICT ay hindi isang panadalian o paunang yugto lamang, kundi isang patuloy at dinamikong proseso ng pagkatuto. Kinakailangan nito ng maingat na pagsaalang-alang sa konteksto, panahon, komunidad at personal na paglago upang makalikha ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto para sa mga edukador.

**Talahanayan 3.** ***Antas ng pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino***

| Indicator | Weighted Mean | Descriptor |
|---|---|---|
| Antas ng pananaw | 1.38 | Mataas |

Makikita sa resulta ng talahanayan 3, na ang mga guro ay may mataas na positibong antas ng pananaw sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, ito ay mayroong kabuoang *mean* na 1.38 na may interpretasyong "mataas" sa lahat ng sampung tagapagpahiwatig.

Dagdag pa rito, kinikilala ng mga guro ang kahalagahan at benepisyo ng ICT sa pagtuturo. Ang mga guro ay sumasang-ayon na ang paggamit ng ICT ay nakatutulong sa pagpapabuti ng pagtuturo. Sumang-ayon naman dito ang pag-aaral ni Pardede (2022), na ang mga guro ay nagpakita ng mataas na positibong pananaw sa paggamit ng ICT sa pagtuturo at sila ay sumasang-ayon na ang ICT ay nakatutulong sa mga guro sa pagtuturo lalo na sa pagsagawa ng gawain sa pagtuturo.

**Talahanayan 4.** ***Resulta ng Spearman Rho Rank Correlation sa pagitan ng antas ng kasanayan and antas ng pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino***

| | | **Kasanayan** | **Pananaw** |
|---|---|---|---|
| | **Correlation Coefficient** | **1.000** | **.327** |
| **Antas ng Kasanayan** | **Sig. (2-tailed)** | **.** | **.078** |
| | **N** | **30** | **30** |
| **Spearman's rho** | | | |
| | **Correlation Coefficient** | **.327** | **1.000** |
| **Antas ng Pananaw** | | | |
| | **Sig. (2-tailed)** | **.078** | **.** |
| | **N** | **30** | **30** |

Ginamit ang *Spearman Rho rank* upang suriin ang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasanayan at antas ng pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino (Talahanayan 4) dahil sa paglabag sa *assumption of normality distribution* ng datos.

Ang *Spearman's rho coefficient* sa pagitan ng Antas ng Kasanayan and Antas ng Pananaw ay .327 nagpapahayag ng positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Dagdag pa rito, ipinapakita ng resulta ng *p-value* na .078 kung saan ay mas mataas sa *alpha level* na .05. Ipinapahiwatig nito na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasanayan at antas ng pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Ang kawalan ng estadistikang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasanayan at pananaw ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay nagpapahiwatig na ang ang kasanayan ng mga guro sa ICT ay hindi kinakailangang nakaapekto o sumasalamin sa kanilang pananaw hinggil sa integrasyon nito sa kanilang pagtuturo. Ipinapahiwatig ng resulta na kahit may sapat na kasanayan ang isang guro sa paggamit ng ICT, hindi ito awtomatikong nangangahulugan na may positibong pananaw siya sa paggamit nito sa pagtuturo—at gayundin naman, maaaring may positibong pananaw ang guro kahit hindi mataas ang kaniyang kasanayan sa paggamit ng ICT sa pagtuturo.

**Talahanayan 5.** ***Resulta ng Spearman Rho Rank Correlation sa pagitan antas ng Kasanayan and taon ng serbisyo ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino***

| | | Kasanayan | Years in Service |
|---|---|---|---|
| | Correlation Coefficient | 1.000 | .202 |
| Kasanayan | Sig. (2-tailed) | . | .283 |
| Spearman's rho | N | 30 | 30 |
| | Correlation Coefficient | .202 | 1.000 |
| Years in Service | | | |
| | Sig. (2-tailed) | .283 | . |
| | N | 30 | 30 |

Ginamit ang *Spearman Rho rank* upang suriin ang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasanayan at taon sa serbisyo, dahil sa paglabag sa *assumption of normality distribution* ng datos. Ang *Spearman's rho coefficient* sa pagitan ng Antas ng Kasanayan and taon sa serbisyo ay .202 nagpapahayag ng napakahinang positibong ugnayan sa pagitan ngb dalawang baryabol. Dagdag pa rito, ipinapahiwatig ng resulta ng *p-value* na .283 kung saan ay mas mataas sa alpha *level* na .05. Ibig sabihin walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasanayan at taon sa serbisyo ng mga guro sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, ibig sabihin ang taon o haba ng serbisyo ng guro sa pagtuturo ay hindi tiyak na nakaaapekto sa antas ng kanilang kasanayan sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo, sa madaling salita, hindi masasabing ang guro na mas matagal sa serbisyo ay mas mataas na kasanayan sa *ICT* sa pagtuturo.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sinang-ayunan ng pag-aaral nina Dela Fuente at Biñas (2020) na "*Teachers' Competence in Information and Communications Technology (ICT) as an Educational Tool in Teaching: An Empirical Analysis for Program Intervention*". Napagalaman na ang tagal ng serbisyo ng mga guro ay hindi nakaaapekto sa kanilang kasanayan sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo, ngunit ang salik tulad ng pagdalo ng mga guro sa mga seminar at pagsasanay na may epekto sa antas ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo.

**Talahanayan 6.** ***Resulta ng Spearman Rho Rank Correlation sa pagitan ng antas ng Pananaw at taon ng serbisyo ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asingaturang Filipino***

| | | ***Years in Service*** | ***Pananaw*** |
|---|---|---|---|
| | ***Correlation Coefficient*** | ***1.000*** | ***-.227*** |
| ***Years in Service*** | ***Sig. (2-tailed)*** | ***.*** | ***.228*** |
| ***Spearman's rho*** | ***N*** | ***30*** | ***30*** |
| | ***Correlation Coefficient*** | ***-.227*** | ***1.000*** |
| ***Pananaw*** | ***Sig. (2-tailed)*** | ***.228*** | ***.*** |
| | ***N*** | ***30*** | ***30*** |

Ginamit ang Spearman Rho rank upang suriin ang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasanayan at taon sa serbisyo (Talahanayan 5) dahil sa paglabag sa assumption of normality distribution ng datos.

Ang Spearman's rho coefficient sa pagitan ng Antas ng Pananaw at taon sa serbisyo -.2227 nagpapahayag ng negatibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Dagdag pa rito, ipinapahiwatig ng resulta ng p-value na .228 kung saan ay mas mataas sa alpha level na .05. Ipinapahiwatig nito na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng pananaw at taon sa serbisyo ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Sumasang-ayon naman dito ang pag-aaral nina Seraji et al., (2017) kung saan ay kanilang natuklasan na wala umanong epekto o ugnayan sa pagitan ng haba ng panahon sa pagtuturo at pananaw ng guro sa integrasyon ng teknolohiya sa paraan ng kanilang pagtuturo.

**Talahanayan 7.** ***Resulta ng Mann-Whitney U sa pagitan ng antas ng Kasanayan at Kasarian ng mga guro Sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asingaturang Filipino***

| | ***Sex*** | ***N*** | ***Mean Rank*** | ***Mann-Whitney U*** | ***P-value*** | ***Interpretation*** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| ***Antas ng kasanayan*** | ***Male*** | ***7*** | ***14.79*** | ***75.500*** | ***.778*** | ***Non-Significant*** |
| | ***Female*** | ***23*** | ***15.72*** | | | |

Ginamit ang *Mann Whitney-U test* sa talahanayan 7 upang ikumpara ang antas ng kasanayan sa pagitan ng lalake (n = 7) at babae na guro (n = 23). Ang *mean ranks* ng bawat grupo batay sa pinagsamang datos ay naitala sa 14.79 para sa lalake at 15.72 para sa babae. Ipinakita sa resulta ng *Mann-Whitney U value* na 75.500 at

may *p-value* na .778. Ang *p-value* na ito ay mas mataas sa *alpha level* na .05. Pinapahiwatig nito na ang pagkakaiba sa *mean ranks* ay hindi estadistikong makabuluhan. Ibig sabihin nito na ang antas ng kasanayan ng lalake at babaeng guro sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay magkatulad o walang malaking pagkakaiba, ibig sabihin parehong lalake at babaeng mga guro ay nagpakita ng magkatulad na antas ng kasanayan sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Dagdag pa rito, ang kasarian ng mga guro ay hindi nakaka-imluwensya sa kanilang kasanayan sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Sumang-ayon naman ang pag-aaral nina Espinosa at Pañare (2023) na *"Teachers' Characteristics and Their ICT Competence in West II District, Cagayan de Oro City".* Nakasaad dito sa kanilang pag-aaral na ang kasarian ng mga guro ay hindi nakaaapekto sa kanilang kasanayan sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo. Samakatuwid, anuman ang kasarian ng mga guro ay hindi ito nakaaapekto sa antas ng kanilang kasanayan sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo.

**Talahanayan 8.** ***Resulta ng Mann-Whitney U sa pagitan ng antas ng Pananaw at Kasarian ng mga guro sa paggamit ng ICT sa pagtuturo ng asignaturang Filipino***

| | *Sex* | *N* | *Mean Rank* | *Mann-Whitney U* | *P-value* | *Interpretation* |
|---|---|---|---|---|---|---|
| ***Antas ng Pananaw*** | ***Male*** | *7* | *14.43* | *73.000* | *.662* | ***Non-Significant*** |
| | ***Female*** | *23* | *15.83* | | | |

Sa (talahanayan 7) ay ginamit ang Mann Whitney-U test upang ikumpara ang antas ng kasanayan sa pagitan ng lalake (n = 7) at babae na guro (n = 23). Ang mean ranks ng bawat grupo batay sa pinagsamang datos ay naitala sa 14.43 para sa lalake at 15.83 para sa babae.

Ipinakita sa resulta ng Mann-Whitney U value na 73.000 at may p-value na .662. Ang p-value na ito ay mas mataas sa alpha level of .05, na nagpapahiwatig na ang pagkakaiba sa mean ranks ay hindi estadistikong makabuluhan. Ipinapahiwatig nito na ang naiulat na antas ng pananaw ng parehong lalake at babae sa paggamit ng wikang Filipino ay magkatulad.

Sinasang-ayunan naman ito ng pag-aaral nina Maklouf at Bensafi (2021) kung saan ay lumabas sa kanilang resulta na ang paggamit ng teknolohiya ay naiimpluwensyahan ng parehong personal na katangian ng individwal at ng panlipunang sistemang kanyang kinabibilangan. Subalit, hindi ito nangangahulugan na may ugnayan sa pagitan ng kasarian at pananaw ng mga guro hinggil sa paggamit ng ICT sa pagtuturo. Sinusuportahan naman ito ng konklusiyon ni Zyad (2016) na sinasabing walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasarian at pananaw ng mga guro hinggil sa paggamit ng ICT.

## VII. KONKLUSYON

Batay sa ginawang pag-aaral, natuklasan na ang mga guro ay may sapat na kasanayan at positibong pananaw sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, batid ng mga guro ang mga benepisyong dulot ng *ICT* sa pagpapadali ng pagtuturo at kinikilala rin nila ang kahalagahan ng *ICT* sa pagtuturo. Napag-alaman din na walang makabuluhang ugnayan sapagitan ng antas ng kasanayan at pananaw ng mga guro sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, ibig sabihin kahit may sapat na kasanayan ang isang guro sa paggamit ng *ICT*, hindi ito awtomatikong nangangahulugan na may positibong pananaw siya sa paggamit nito sa pagtuturo— at gayundin naman, maaaring may positibong pananaw ang guro kahit hindi mataas ang kaniyang kasanayan sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo.

Bukod dito, lumitaw din sa pag-aaral na ito na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasanayan at taon sa serbisyo ng mga guro sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, nangangahulugan na ang taon ng serbisyo ay hindi tiyak na nakaaapekto sa kasanayan sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo, sa madaling salita, hindi maaring maging basehan ang tagal ng pagtuturo ng guro sa kanyang kasanayan sa paggamit ng *ICT sa pagtuturo*. Dagdag pa rito, ang kasarian ng mga guro ay hindi nakaka-imluwensya sa kanilang kasanayan sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ibig sabihin hindi masasabing mas mahusay o di-mahusay ang mga gurong babae sa paggamit ng *ICT* sa pagtuturo, gayundin ang lalakeng guro.

## VIII. REKOMENDASYON

Mula sa lumabas na resulta ng pag-aaral, ang mga mananaliksik ay nakabuo ng mga sumusunod na mungkahi:

1.) Magsagawa ng pag-aaral upang paghambingin ang kasanayan ng mga guro na nagtuturo sa iba't ibang antas (elementarya, sekundarya at kolehiyo).

2.) Magpatuloy sa paglinang ng kasanayan sa paggamit ng ICT sa pagtuturo. Bagama't may katamtamang taas ang kasanayan ng mga guro sa paggamit ng ICT ay kailangan parin ang patuloy na pagsasanay sa paggamit nito.

3.) Iminumungkahi ng mananaliksik na bigyan ng sapat na kagamitang ang mga guro na magagamit sa pagtuturo.

## MGA SANGGUNIAN


[1.] Castillo, G. C., Behhay, N., Monchiguing, J., Allaga, A., & Gonayon, A. (2025). PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILIPINO SA MAKABAGONG PANAHON. In American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR) 2025 American Journal of Humanities and Social Sciences Research (pp. 492–498). American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR). https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2025/06/ZQ25906492498.pdf

[2.] Del-O, A. T., & Bugtong, E. B. (2023). MGA EPEKTIBONG KAGAMITANG PANTEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG FILIPINO. Cognizance Department of Education. (2004, March 25). DO 23, s. 2004 – Guidelines on the use of Computer Laboratories in Teaching and Learning | Department of Education.

[3.] Gonzalez, Z. J. Z. (2023). PAGTATASA SA KOMPETENSI NG MGA MAG-AARAL SA PAGBASA AT PAGSUSURI NG IBA'T IBANG TEKSTO TUNGO SA PANANALIKSIK. SAINT MARY'S UNIVERSITY-BAYOMBONG CAMPUS. https://www.academia.edu/109558910/PAGTATASA_SA_KOMPETENSI_NG_MGA_MAG_AARAL_SA_PAGBASA_AT_PAGSUSURI_NG_IBAT_IBANG_TEKSTO_TUNGO_SA_PANANALIKSIK

[4.] De Witte, K. and François, M., (2023). Directorate-General for Education, Youth, Sport and Culture, Covid-19 learning deficits in Europe – Analysis and practical recommendations – Analytical report, Publications Office of the European Union, 2023, https://data.europa.eu/doi/10.2766/881143

[5.] Ghavifekr, S., and Rosdy, W. A. W. (2015). Teaching and learning with technology: Effectiveness of ICT integration in schools. International Journal of Research in Education and Science, 1(2), 175-191.

[6.] Juancho, C. J., (2021, March). Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino: Pagtataya sa Teknolohikal, Pedagohikal at... ResearchGate; Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development. https://www.researchgate.net/publication/369181627_Makabagong_Pamamaraan_sa_Pagtuturo_ng_Asignaturang_Filipino_Pagtataya_sa_Teknolohikal_Pedagohikal_at_Kaalamang_Pangnilalaman

[7.] Saavedra, A. (2018). Technology engagement and writing skill: An analysis among elementary-grade school Filipino learners, a Webology, 15(1).

[8.] Mayag-as, R. B., Tomas, R. A. L., Hidalgo, B. L., Ngawa, R. S., & Fernandez, N. A. (2023). KAALAMAN NG GURO SA PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12), 176–190. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.015

[9.] Millamena, C. (2023). The Perspective of State Universities and Colleges (SUCs) on Offering Filipino Courses in the Context of the K12 Basic Education Program. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 6(10), 1-7. http://doi.org/10.5281/zenodo.7547352

[10.] Dela Cruz, M. (2023). Wikang Filipino: Tulay sa Pag-unawa ng Mag-aaral sa mga Asignaturang Nakahanay sa Wikang Ingles. Academia.edu. https://doi.org/10.6084/m9.figshare.24874047

[11.] Ablao, J. B., Hanijane Esperat-Reambonanza, Jane, S., & Musa, A.-M. (2024, July 25). COMPARING THE EFFECTIVENESS OF ENGLISH AND FILIPINO AS MEDIA OF INSTRUCTION IN TEACHING SOCIAL STUDIES TO GRADE 10 STUDENTS. ResearchGate; American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR). https://doi.org/10.13140/RG.2.2.24758.92487

[12.] Varona, F. A., & Mandado, J. O. (2022). Elektronikong kagamitang linangan sa integratibo tungo sa kasanayan (E-KLIK) sa malikhaing pagsulat sa Filipino. International Journal of Research Studies in Education, 11(6). https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.186

[13.] Del-O, A. T., & Bugtong, E. B. (2023). MGA EPEKTIBONG KAGAMITANG PANTEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG FILIPINO. Cognizance Department of Education. (2004, March 25). DO 23, s. 2004 – Guidelines on the use of Computer Laboratories in Teaching and Learning | Department of Education.

[14.] Saavedra, A., Alejandro, W.D., & Espinosa, R. (2022). Self-perceived Research Competence among Social Sciences Students: An Investigative Survey during the COVID-19 Pandemic, International Journal of Health Sciences, pp. 4211-4221.

[15.] Racho W, & Briccio, B. (2024). Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Information and Communications Technology Digital Tools sa Pagtuturo ng Filipino. Academia; Kaalam: A Multidisciplinary Journal. https://www.academia.edu/123596396/Karanasan_ng_mga_Guro_sa_Paggamit_ng_Information_and_Communications_Technology_Digital_Tools_sa_Pagtuturo_ng_Filipino

[16.] Varona, F. A., & Mandado, J. O. (2022). Elektronikong kagamitang linangan sa integratibo tungo sa kasanayan (E-KLIK) sa malikhaing pagsulat sa Filipino. International Journal of Research Studies in Education, 11(6). https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.186

[17.] Del-O, A. T., & Bugtong, E. B. (2023). MGA EPEKTIBONG KAGAMITANG PANTEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG FILIPINO. Cognizance Department of Education. (2004, March 25). DO 23, s. 2004 – Guidelines on the use of Computer Laboratories in Teaching and Learning | Department of Education.

[18.] Saavedra, A. (2020). An exploration on the expressive skills among elementary-grade learners: A bedrock for the development t of computer-assisted teaching strategies, Turkish Journal of Computer and Mathematics Education, 2343-2357.

[19.] Juancho, C. J., (2021, March). Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino: Pagtataya sa Teknolohikal, Pedagohikal at... ResearchGate; Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development. https://www.researchgate.net/publication/369181627_Makabagong_Pamamaraan_sa_Pagtuturo_ng_Asignaturang_Filipino_Pagtataya_sa_Teknolohikal_Pedagohikal_at_Kaalamang_Pangnilalaman

[20.] Manatad, J. E., Joy, M., Perolino, J. A., Piasidad, M. A., Mae, S., & Joram Geid Sotes. (2024). Danas ng Mga Guro at Mag-Aaral sa Paggamit ng Teknolohiya. Risejournals.org, 1(5). https://doi.org/10.5281/zenodo.11145283

[21.] Saavedra, A., Banua, E., Ajibon, R., Aukasa, F., Muhajil, S., & Najam, H. (2022). Evaluating Teachers' Teaching Performance: As Basis for Mentoring and Technical Support, Neuro Quantology, vol. 20, no. 13, pp. 896-904.

[22.] Akram, H., Abdelrady, A. H., Al-Adwan, A. S., & Ramzan, M. (2022). Teachers' Perceptions of Technology Integration in Teaching-Learning Practices: A Systematic Review. Frontiers in Psychology, 13(1). https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.920317

[23.] Mayag-as, R. B., Tomas, R. A. L., Hidalgo, B. L., Ngawa, R. S., & Fernandez, N. A. (2023). KAALAMAN NG GURO SA PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12), 176–190. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.015

[24.] Montecino, C., Calisang, C., Don, S., & Fabilla, C. (2025). KASANAYAN AT DALAS NG PAGGAMIT NG MGA GURO NG TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO. International Journal for Multidisciplinary Research, Volume 3 No. 1(2984-9942). https://doi.org/10.5281/zenodo.14637223

[25.] Melebo, A., Caliwara, C., Lee, D., Quinto, G., & Melgar, W. (2019, April 8). Epekto NG Kakulangan Sa Mga Kagamitang Pampagtuturo NG Mga Guro Sa Kakayahang Pang-Akademiko NG Mga Mag-Aaral | PDF. Scribd. https://www.scribd.com/document/445346429/EPEKTO-NG-KAKULANGAN-SA-MGA-KAGAMITANG-PAMPAGTUTURO-NG-MGA-GURO-SA-KAKAYAHANG-PANG-AKADEMIKO-NG-MGA-MAG-AARAL-5

[26.] Morrain, R. (2025). TPACK. Linkedin.com. https://www.linkedin.com/posts/ron-morrain-b73619167_tpack-a-teachers-guide-tpack-is-not-a-activity-7325805437579059200-pGgp

[27.] Mayag-as, R. B., Tomas, R. A. L., Hidalgo, B. L., Ngawa, R. S., & Fernandez, N. A. (2023). KAALAMAN NG GURO SA PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12), 176–190. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.015

[28.] Arado, K. C., Paniorotan, D. S., Samson, E. D., Paniorotan, J. H., & Encallado, J. P. (2024). 21st Century Teaching and Learning: Ang Pananaw ng mga Pre- Service Teachers ng Western Mindanao State University sa Pagiging Epektibo ng Paggamit ng ICT sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Wika. American Journal of Humanities and Social Sciences, 08(02). https://www.researchgate.net/publication/379834529_21st_Century_Teaching_and_Learning_Ang_Pananaw_ng_mga_Pre_Service_Teachers_ng_Western_Mindanao_State_University_sa_Pagiging_Epektibo_ng_Paggamit_ng_ICT_sa_Pagtuturo_at_Pagkatuto_ng_Wika

[29.] Lloyd, M., Cochrane, J., & Beames, S. (2006). Dynamic Not Static: Characteristics Of Effective Teacher Professional Development In ICT. http://eprints.qut.edu.au/3554/

[30.] Pardede, P. (2020). Secondary School EFL Teachers' Perception of ICT Use in Learning and Teaching: A Case Study in Greater Jakarta. 6(2), 144–157. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1266042.pdf

[31.] Dela Fuente, J. A., & Biñas, L. C. (2020). Teachers' Competence in Information and Communications Technology (ICT) as an Educational Tool in Teaching: An Empirical Analysis for Program Intervention. 5(2), 61–76. https://www.jrest.net/index.php/jrest/article/view/50/pdf

[32.] Seraji, N. E., Ziabari, R. S., & Rokni, S. J. A. (2017). Teacher's Attitudes towards Educational Technology in English Language Institutes. International Journal of English Linguistics, 7(2), 176. https://doi.org/10.5539/ijel.v7n2p176 STUDENTS. Researchgate. https://doi.org/10.13140/RG.2.2.24758.92487 Teachers' Characteristics and their ICT Competence in West II District, Cagayan de Oro City. (2023). International Journal of Research Publications, 125(1). https://doi.org/10.47119/ijrp1001251520234899

[33.] Espinosa, C., & Pañares, N. (2025). *Espinosa at Pa - Bing*. ResearchGate; International Journal of Research Publication Revies. https://www.bing.com/search?q=Espinosa+at+Pa

[34.] Makhlouf, Kouider, and Zoulikha Bensafi. "An Exploration of Factors Influencing Teachers' Attitudes toward the Use of Information and Communication Technology (ICT) in Classroom Practice a Case Study of Secondary School EFL Teachers in the Western District of Chlef, Algeria." Advances in Language and Literary Studies, vol. 12, no. 2, 29 Apr. 2021, p. 37, https://doi.org/10.7575/aiac.alls.v.12n.2.p.37. Accessed 15 May 2021.

[35.] Zyad, H. (2016). Pre-service training and ICT implementation in the classroom: ELT teachers' perceptions. International Journal of Education and Development using Information and Communication Technology (IJEDICT), Vol. 12, No. 3, pp. 4-18.